REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-181

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KASUNDUAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT NG RED FOX TRUCKING SERVICES PARA SA SERBISYO NITO BILANG KONTRATISTA NA HUMAHAKOT NG BASURA SA BAYAN NG MUNTINLUPA AT ANG PAGLALAAN NG HALAGANG ISANG MILYON AT ANIM NA DAANG PISO (P1,600,000.00) KADA BUWAN BILANG KABAYARAN SA SERBISYO NITO. (Oktubre 01, 1994 - Oktubre 31, 1994)

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Rufino B. Joaquin

*************************************************************

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan bilang bahagi ng pangunahing serbisyo nito ay hinahangad na mapabuti ang kasalukuyang koleksiyon sa basura at ang sistemang pagtatapon na karapat-dapat lamang sa Bayan ng Muntinlupa bilang magandang modelo ng buong bansa sa kalinisan at kaayusan;

SAPAGKAT, sa hangaring ito, ang Pamahalaang Bayan ay pumasok sa isang kasunduan sa Red Fox Trucking Services para sa koleksiyon at wastong pagtatapon ng mga basura ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang Red Fox Trucking Services, alinsunod sa kasunduan ay titiyakin ang kalinisan ng Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng higit na maraming biyahe kung kinakailangan bawat araw sa paghahakot ng basura upang masiguro ang kalinisan at wastong sanitasyon ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang paglalaan ng laang-gugulin para dito ay alinsunod sa mga gagampanan at pagkakagastusan ng Pamahalaang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay isinasabatas ang Laang-gugulin Kautusang Bayan na:

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



LAANG-GUGULIN KAUTUSANG BAYAN BILANG 94-09
(Appropriation Ordinance No. 94-09)

ISINASABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA:

TALATA I - Ang paglalaan ng laang-gugulin na halagang Isang Milyon at Anim na Daang Piso (P1,600,000.00) kada buwan bilang kabayaran sa serbisyo ng Red Fox Trucking Services bilang kontratista na tagahakot ng basura sa Bayan ng Muntinlupa.

TALATA II - Ang pananatili ng serbisyo ng Red Fox Trucking Services alinsunod sa nilagdaang kasunduan ay para sa isang buwan lamang. Ang pagkakaroon ng panibagong kasunduan sa mga susunod na buwan ay muling dadaan sa pagpapatibay ng Sangguniang Bayan.

TALATA III - Ang kasunduan sa Red Fox Trucking Services bilang kontratista na tagahakot ng basura sa Bayan ng Muntinlupa ay magkakabisa simula Oktubre 1, 1994 at matatapos sa Oktubre 31, 1994 at ang pagkakaroon ng panibagong kasunduan batay sa itinatakda sa Talata II ng Kapasiyahang ito kung kinakailangan.

TALATA IV - Ang kapasiyahang ito ay magkakabisa kaagad matapos mapagtibay ng Sangguniang Bayan.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang ika-104th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-Oktubre 10, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Absent)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY B. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan